


“

Ang My home care ay nagbibigay ng kapanatagaan loob sa akin sa kadahilanan na makapag log-in anumang oras, 24/7, upang makita ko kung sino at kailan bumibisita sa Nanay ko. Nagbibigay ito ng kumpyansa sa akin na natatanggap ng Nanay ko ang suportang kailangan nya.

**– Pinakamalapit na kamag-anak ng kliyente ng My Homcare.**

Sa pinakabagong inobasyon ng HealthCare NZ, ikaw ang may kontrol — may opsyon kang tingnan, gamitin, o ibahagi ito.

Madaling gamitin at LIBRE para sa lahat ng kliyente ng HealthCare NZ. Dahil sa aming karanasan at kasanayan, makakatanggap ka ng tunay na pag-aalaga, tunay na pagpipilian, at tunay na kapanatagan ng isip.

HealthCare New Zealand

Makipag-ugnayan sa amin kung paano magsimula o magrehistro online nang libre

0800 002 722

myhomecare@healthcarenz.co.nz

myhomecare.healthcarenz.co.nz




My Homecare
by HealthCare NZ

# Mas Binibigyan Ka ng My Homecare ng Kontrol sa Iyong Pangangalaga

HealthCare New Zealand

0800 002 722
www.healthcarenz.co.nz

Voted by New Zealanders Winner Trusted Brand 2025 Reader's Digest Home Health Care

# Tungkol sa HealthCare New Zealand

Mula pa noong 1988, ang pagbabalik ng pangangalagang pangkalusugan sa iyong tahanan ang aming layunin. Ang Haukāinga (tahanan) ay kung saan natin nararamdaman ang pag-aari at pagiging kabilang. Dito lumaki ang ating whānau, kung saan nagmamalasakitan ang mga kapitbahay, at dito rin natin nais manatili habang pinapangalagaan ang ating kalusugan.

Bilang tapat na katuwang ng Te Tiriti o Waitangi, at sa pamamagitan ng aming pakikipagtulungan sa mga lokal na iwi, pamahalaan at mga organisasyong pangkalusugan sa komunidad, sinusuportahan namin ang libu-libong New Zealander sa halos bawat sulok ng Aotearoa gamit ang aming komprehensibong serbisyo sa bahay at komunidad. Sa katunayan, mas maraming tao ang nagtitiwala sa amin kaysa sa iba upang suportahan sila at ang kanilang whānau sa bahay.

Ang aming pangkat ng humigit-kumulang 7,500 na may kasanayang mga propesyonal sa kalusugan ay nagtatrabaho upang matiyak na lahat ay may pantay-pantay na access sa pangangalaga sa kalusugan sa kanilang tahanan.



## My Homecare by HealthCare NZ

Ang My Homecare ay isang online na kasangkapan na nagbibigay sa iyo at sa iyong pamilya ng mas malawak na pagpipilian at kontrol sa inyong mga serbisyo ng suporta sa bahay.

### Tunay na Pagpipilian

- Binibigyan ka ng kakayahang pamahalaan ang sarili mong pangangalaga at suporta
- Ikaw at ang iyong pamilya ay maaaring pumili ng mga tagasuporta, baguhin ang iskedyul ng suporta ayon sa gusto ninyo, at mag-book ng karagdagang tulong
- Ang My Homecare ay LIBRE para sa lahat ng kliyente ng HealthCare NZ

### Tunay na Pag-aalaga

- Ang aming mga sertipikadong tagasuporta ay sinanay, may kwalipikasyon, at sumailalim sa background check — maingat silang pinipili batay sa iyong pangangailangan
- Makakatanggap ka ng personalisado at klinikal na inaprobahang plano ng suporta kung kinakailangan, na ikaw ang may kontrol sa paggawa nito
- Available kami 24/7 at regular kang kokontakin ng iyong Service Facilitator

### Tunay na Kapanatagan ng Isip

- May opsyon kang ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyong plano ng pangangalaga sa iyong mga mahal sa buhay
- Maaaring maimbitahan ang iyong mga mahal sa buhay upang makita ang iyong kalendaryo o magkaroon ng buong access 24/7 para pamahalaan ang iyong mga serbisyo ng pangangalaga
- Mas pinadali ang pagbibigay ng puna — maaari mo kaming kaagad bigyan ng feedback nang hindi na tumatawag

### Tingnan

- Makikita mo ang iyong kalendaryo ng pangangalaga para sa buong buwan — nakikita rin ang mga nakaraang at kasalukuyang appointment pati ang mga nakanselang shift
- May buod rin ng mga huling pagbisita na may detalye ng petsa, oras, tagasuporta, at uri ng pangangalaga

### Gamitin

- Maaari mong pamahalaan ang iyong iskedyul, baguhin ang petsa, oras ng simula at pagtatapos, haba ng serbisyo, at anong serbisyo ang kailangan — o magdagdag ng karagdagang pangangalaga
- Maaari mong piliin ang iyong sariling kwalipikadong tagasuporta sa iyong lugar, tingnan ang kanilang mga profile — lokasyon, kakayahan, kwalipikasyon, detalye ng lisensiya, at kanilang availability
- Maaari kang magbigay ng puna tungkol sa isang partikular na shift nang hindi kinakailangang tumawag

### Ibahagi

- Maaari mong imbitahan ang mga mahal sa buhay upang tingnan o pamahalaan ang iyong mga serbisyo ng suporta. Maaari silang magkaroon ng limitadong o buong access 24/7 upang gawin ito para sa iyo